# PAANO KILALANIN ANG MGA MANGGAGANTSO:

## Pangalagaan ang Inyong Sarili sa pamamagitan ng Pagpigil sa Abuso bago pa ito Magsimula

Napakagaling ng mga manggagantso sa ginagawa nila! Alam nila kung ano ang nararapat na sabihin at gawin para makumbinse ang mga pinupuntirya nila na sila'y tunay. Magsisinungaling sila, magpapalsipika ng mga dokumento at gagawin ang anumang kailangan para makamit ang tiwala ng mga biktima at makumbinse ang mga ito na ibigay ang kanilang pera o ari-arian. Pangalagaan ang inyong sarili, ang inyong pamilya at mga kaibigan mula sa mga manggagantso sa pamamagitan ng pagkakaroon ng kaalaman tungkol sa mga karaniwang taktika nila. Narito ang ilang palatandaan ng panganib na dapat pagkaingatan:

- **Humihingi sa inyo ng pera ang tao, lalo na kung kamakailan pa lang ninyo nakilala**

*Bakit ginagawa ng mga manggagantso ito?*
Ito ang kaibuturan ng panggagantso! Hangad ng mga manggagantso ang pera o ari-arian ninyo at pinagsisikapan nilang pagsamantalahan ang mga nagtitiwalang tao, kaya mag-ingat sa mga taong humihiling sa inyo na bigyan o pautangin sila ng pera. Lalo nang totoo ito kung kamakailan pa lang ninyo nakilala ang taong ito. Maaari rin kayong puwersahin ng mga miyembro ng pamilya, lalo na kung sa wari nila may karapatan sila sa pera o ari-arian ninyo.

*Paano pangangalagaan ang inyong sarili:*
Pag-isipan nang mabuti bago magbigay ng pera sa ibang tao. Itanong sa sarili kung sa palagay ninyo totoo bang babayaran kayo ng taong iyon. Mas matunog ang mga gawa kaysa sa mga salita — napagkatiwalaan ba ang taong iyon noong nakaraang panahon? Kung magdesisyon kayong magpautang ng pera kanuniman PALAGING magpapirma sa taong iyon ng isang nakasulat na pangako sa pagbabayad ng utang (promissory note) na nagsasaad kung magkano ang perang pinautang at kailan ito mababayaran. Tiyakin ang katotohanan ng identification ng tao para matagpuan ninyo ang taong ito kapag panahon na na dapat bayaran ang utang.

- **Sinasabi ng tao na cash lamang ang tatanggapin nila**

*Bakit ginagawa ng mga manggagantso ito?*
Mahirap masundan ang mga bayad na cash kaya madalas na nagdadahilan ang mga manggagantso kung bakit kinakailangang cash ang ibayad sa kanila. Pagkatapos na mangyari, mahirap patunayan na binigyan ninyo ang sinuman ng cash at na tinanggap nila ito. Nakakatulong ang mga resibo sa paggawa ng dokumentong katibayan, ngunit ang pinakamabuting paraan para masubaybayan ang pera ay sa pamamagitan ng mga tseke at mga statement mula sa bangko. Dapat tumanggap ng tseke at magbigay ng resibo ang sinumang tunay na propesyonal. Totoo ito para sa sinumang ka-negosyo ninyo, pati ang mga may-ari ng pinauupahan.

*Paano pangangalagaan ang inyong sarili:*
Huwag babayaran ng cash ang mga malalaking halaga. Palaging humingi ng mga resibo para sa mga binabayaran o binibili na malaki ang halaga. Kapag may nagsabi na hindi sila tatanggap ng personal na tseke, ipagpilitan ninyo na, sa halip, money order ang ibabayad ninyo.

- **Hinihiling ng tao na pumirma kayo sa mga dokumentong hindi ninyo naiintindihan**

*Bakit ginagawa ng mga manggagantso ito?*
Kung minsan, nililinlang ng mga manggagantso ang mga tao na pumirma sa mga Gawad ng Kapangyarihan (Power of Attorney) para sa Pananalapi, mga titulo ng lupa, mga kasunduan ng sanglaan (mortgage), mga huling testamento o iba pang mga dokumento para makamit ang kapangyarihan sa mga ari-arian ng biktima na hindi nila nalalaman.

*Ipinagpapatuloy sa kabila*

*Paano pangangalagaan ang inyong sarili:*
Kung hindi ninyo ganap na naiintindihan o hindi ninyo mabasa ang pinapipirmahan sa inyo, huwag ninyong pirmahan!

- **Sinasabi sa inyo ng tao na panatilihing lihim ang paglipat ng pera o ng ari-arian o pinipigilan kayo sa pagkonsulta sa ibang mga propesyonal**

*Bakit ginagawa ng mga manggagantso ito?*
Siyempre, ayaw ng isang manggagantso na sasabihin ninyo kaninuman ang nangyayari! Kasi kung may pagsasabihan kayo, baka may tumulong sa inyo na maintindihan na ginagantso kayo. Kung mayroong humiling sa inyo na ilihim ang katotohanan na pinautang ninyo sila ng pera, na isinangla ninyo ang bahay at lupa ninyo, na binago ninyo ang huling testamento ninyo o gumawa ng ibang malalaking desisyon, ituring na babala ito.

*Paano pangangalagaan ang inyong sarili:*
Sabihin sa mga pinagkakatiwalaang miyembro ng pamilya at kaibigan ang tungkol sa mga kasunduan sa negosyo, mga mahahalagang desisyon tungkol sa pananalapi at mga bagong tao sa buhay ninyo. Huwag pagkakatiwalaan ang salita ng isang taong di-kilala na lalapit sa inyo na may "magandang deal" o "nakahahabag na kuwento". Palaging humingi ng payo mula sa isang propesyonal na may-kasarinlan bago gumawa ng malalaking desisyon tulad ng paglipat ng ari-arian, pagsangla ng bahay at lupa, pag-refinance ng utang o pagpirma sa gawad ng kapangyarihan.

- **Nagsasabi ang tao ng mga masasamang bagay tungkol sa inyong pamilya at mga kaibigan**

*Bakit ginagawa ng mga manggagantso ito?*
Sisiraan ng mga manggagantso ang inyong pamilya at mga kaibigan para magalit kayo sa mga mismong taong makakatulong sa inyo na makita ang panggagantso. Alam ng mga manggagantso na ang mga taong umaasa sa kanila ay mas malamang na maloloko sa kanilang mga panggagantso.

*Paano pangangalagaan ang inyong sarili:*
Mag-ingat sa mga bagong taong dumarating sa buhay ninyo at nagtatangka kaagad na lumikha ng pagkakalayo ninyo at ng dating pinagkakatiwalaang pamilya at kaibigan. Ingatan ang mga taong nagsisikap na pigilan o hadlangan kayo sa paggawa ng mga gawaing ginagawa ninyo dati, tulad ng pagpapalipas ng oras kasama ng pamilya at mga kaibigan o pagdalo sa mga pagtitipong panlipunan sa inyong simbahan o sa Senior Center.

# Anong gagawin kung sa Palagay Ninyo Nagantso Kayo

**(1) I-report ito sa inyong lokal na Departmento ng Pulisya**
**(2) I-report ito sa Adult Protective Services — (800) 675-TIES**
**(3) Sabihin sa Pamilya at mga Kaibigan**
**(4) Makipag-usap sa isang Abogado:**

**Legal Aid Society of San Mateo County — (650) 558-0915**
**CANHR Elder Abuse Lawyer Referral Panel — (800) 474–1116**

LEGAL AID SOCIETY
OF SAN MATEO COUNTY

THE NATALIE LANAM JUSTICE CENTER
SOBRATO CENTER FOR NONPROFITS - REDWOOD SHORES
330 TWIN DOLPHIN DRIVE, SUITE 123
REDWOOD CITY, CA 94065
(800) 381-8898 OR (650) 558-0915
HTTP://WWW.LEGALAIDSMC.ORG/

(rev 5/09 AEB)